**Missionary Families of Christ**

## Pagpapahayag ng Paniniwala

Ang MFC ay naninindigan sa nakatalagang mga paniniwala at mga mithiin kung saan mula roon ay dumadaloy ang mga Kristyanong saloobin, pagpapahalaga at pagkilos, gayundin ang kanyang mga palatuntunan, mga aral at pagharap sa Kristiyanong pagpapanibago na nilalaman ng ugnayang pampamilya.

NANINIWALA TAYO sa kasal bilang di-malulusaw na pagsasamahan na itinuro ng ating Panginoong Hesukristo (Mt 19:16). NANINIWALA TAYO na nilikha ng Diyos ang kasal unang-una para sa pagibig sa pagitan ng lalaki at babae, at para sa pagkakaanak at wastong pagaaruga ng mga anak.

NANINIWALA TAYO na nilikha ng Diyos ang lalaki at kanyang maybahay ng may pantay na sariling kahalagahan at dangal. NANINIWALA TAYO na itinadhana ng Diyos ang kaayusan sa pamilya sa pamamagitan ng pagtatalaga sa lalaki bilang puno ng pamilya at sa babae bilang asawa at tagapagtaguyod, mga ginagampanang higit na nagpapahayag ng kanilang kapupunan sa isa't isa.

NANINIWALA TAYO sa di-maikakait at di-mapapalitang karapatan at tungkulin ng mga magulang na pag-aralin ang kanilang mga anak. NANINIWALA TAYO na ang mga bata ay dapat mapagaral ng pangunang kaalamang pantao at Kristyanong kahalagahan upang sila ay lumaking mapagkakatiwalaan at mahustong gulang na mga kasapi ng lipunan.

NANINIWALA TAYO sa pamilya, sa pagsasabuhay ng mensahe ng mabuting balita, sa pakikibahagi sa buhay at misyon ng Simbahan--sa pamamagitan ng mga panalangin, pangangaral, at paglilingkod sa kapuwa, lalo na sa mga kapuspalad.

NANINIWALA TAYO na ang Kristyanong pamilyang pagpapanibago ay higit na makakamtan sa pagaanyaya kay Jesus na maging Panginoon ng ating tahanan, sa pamamagitan ng pagpapaubaya sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na manguna sa ating buhay pamilya at sa pamamagitan ng buong paggamit ng lahat ng kaloob na espiritwal sa ating pagpapasiya.